

# LIGTAS NA PAGTATAPON NG MGA HIRINGGILYA

Protektahan Ang Iyong Mga Pamilya,  
Komunidad at Kapaligiran

## ANO ANG DAPAT MONG GAWIN SA GAMIT NA O HINDI KANAIS-NAIS NA MGA HIRINGGILYA?

Pumili ng ligtas na tapunan! Tingnan itong  
madadaling opsyon.



**MAIL-BACK**



**MGA LOKAL NA PASILIDAD SA PAGTATAPON NG  
MAPANGANIB NA BASURA NG SAMBAHAYAN**

Magpunta sa [sharpstakebackcalifornia.org](https://sharpstakebackcalifornia.org) o  
tumawag sa **(844) 482-5322** para matuto pa.



Para maghanap ng materyal na ito sa karagdagang  
mga wika, i-scan ang QR code na ito.



**DRUG TAKEBACK SOLUTIONS  
FOUNDATION**



## BAKIT MAHALAGA ANG LIGTAS NA PAGTATAPON NG MGA HIRINGGILYA PARA SA PAMPUBLIKONG KALUSUGAN?


Ang angkop na  
pagtatapon ng  
mga hiringgilya ay  
nakapagliligtas ng mga  
buhay at nagpoprotekta  
sa kapaligiran.

- 43% ng mga panturok sa sarili sa California ay itinatapon sa basurahan ang mga karayom. (ca.gov)
- Noong 2020, isang milyong tao ang naiulat na umaabuso sa mga gamot na itinuturok. (academic.oup.com)
- Ang pagtatapon ng mga hiringgilya sa basurahan ay maaaring magdulot ng pinsala dahil sa pagkatusok ng karayom at magpakalat ng mga nakahahawang sakit gaya ng HIV o hepatitis.

# LIGTAS NA PAGTATAPON NG MGA HIRINGGILYA

Protektahan Ang Iyong Mga Pamilya,  
Komunidad at Kapaligiran

## MGA OPSYON NG PAGTATAPON



### MGA SERBISYO NG MAIL-BACK:

Para humiling ng mga serbisyo sa request mail-back para sa ginamit o hindi kanais-nais na mga hiringgilya, bisitahin ang [sharpstakebackcalifornia.org](http://sharpstakebackcalifornia.org) o tumawag sa (844) 482-5322.




### BISITAHIN ANG IYONG LOKAL NA PASILIDAD SA PAGTATAPON NG MAPANGANIB NA BASURA NG SAMBAHAYAN

Para sa higit na impormasyon, magpunta sa [sharpstakebackcalifornia.org](http://sharpstakebackcalifornia.org) o tumawag sa (844) 482-5322.



**DRUG TAKEBACK SOLUTIONS  
FOUNDATION**

## ANO ANG PWEDE MONG ITAPON SA LALAGYAN NG MGA BASURANG HIRINGGILYA?



### TINATANGGAP:

Hypodermic, pen, at intravenous na mga karayom, lanseta at iba pang mga device na ginamit upang ipasok sa balat.

### HINDI TINATANGGAP:

Mga medikal na device na hindi ginagamit upang ipasok sa balat, mga halamang gamot, bitamina, supplement, cosmetics, iba pang produkto sa personal na pangangalaga, baterya, termometro na naglalaman ng mercury, mga ipinagbabawal na gamot at mga produktong pamatay ng alagang hayop.